Ang sinumang pinangalagaan ni Allah laban sa kasamaan ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at sa kasamaan ng nasa pagitan ng dalawang hita niya, papasok siya sa Paraiso.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya: "Ang sinumang pinangalagaan ni Allah laban sa kasamaan ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at sa kasamaan ng nasa pagitan ng dalawang hita niya, papasok siya sa Paraiso."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Ang sinumang pinangalagaan ni Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, laban sa pagsasalita ng ikinagagalit Niya, pagkataas-taas Niya, at laban sa pagkakasadlak sa pangangalunya ay naligtas nga at papasok sa Paraiso.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3477